# Holy Trinity Divine Healing Ministry

*Isang Laikong "Healing Ministry" sa Ilalim ng Simbahang Katoliko*

# Dasalan
## (TAGALOG)

Name: ______________________________

Parish: ______________________________

Home Address: ________________________

Contact Number: ______________________

Facebook Account: ____________________

**Not for Sale**

Updated as of January 2021

*holytrinityministry@gmail.com*

# *Panimula*

**Itong dasalan ay isang koleksyon ng saligang at mahalagang katekesis at dasal ng Katoliko Kristiyanong Simbahan para sa pagbalik-loob ngtao sa Diyos at paghilom (–healing‖) ng maysakit.**

**Mula noong 1980, ang –Holy Trinity Divine Healing Ministry – ay nagpapatotoo na sa kapangyarihan ng Panginoong magpagaling ng maysakit sa isip, katawan, at kaluluwa, lalung-lalo na sa mga malubha, di-maintindihan, o di-kilalang sakit.**

**Sa pamamagitang ng simpleng gabay na ito, nais ng ministeryo na ibahagi ang mga sikreto ng paghilom ng tao sa kanilang buhay ang 6 NA PAALAALA SA PAGPAPAGALING (–Healing‖): 1) Banal na Kumpisal, 2) Banal na Eukaristiya (o Misa), 3) Banal na Komunyon, 4) Santo Rosaryo, 5) bihilya, at 6) tipanan (o kasunduan) sa Panginoon.**

**Nais nila na lahat ng pamilya, anumang paniniwala o relihiyon, ay matuklasang muli ang kapangyarihan ng paggaling ni Hesukristo sa pamamagitan ng sakramento para sa kaluwalhatian ng Diyos.**

**AMING MISYON:**
**Dalhin ang kapangyarihan ng SAKRAMENTO NG PAGPAPAGALING ng mga maysakit sa kaisipan, katawan, at kaluluwa sa pamamagitan ng katesismo, patotoó, Banal na Misa para sa maysakit, at Pamparokyang Misyon, sa gayón ay madagdagan ang pagpapahalaga sa Kristiyanong Pananampalataya**

(***Tandaan: Sumasailalim sa Imprimatur at Nihil Obstat)***

# TALAAN NG NILALAMAN


| | Page |
|---|---|
| A. Paalaala sa Papapagaling (–Healing‖) | 1 |
| B. Pangungumpisal | |
| 1. Ano, Bakit Kailangan, Paano Gawin | 2 |
| 2. Pagsusuri ng Budhi | 5 |
| 3. Ang 10 Utos ng Diyos | 7 |
| 4. Kumpisal: Bago, Sa Oras, at Pagkatapos | 10 |
| C. Iba't Ibang Relihiyon sa Pilipinas | 13 |
| D. Ang Ngalang –Katolika‖ | 14 |
| 1. Bakit Itinatag ni Kristo ang Simbahan | 14 |
| 2. Ang tunay na Simbahang ni Kristo | 14 |
| 3. Mga Tanda ng Tunay na Simbahan | 15 |
| E. Banal na Misa | |
| 1. –Tremendous Value of Mass‖ | 16 |
| 2. Layunin ng Misa | 17 |
| 3. –Prayer: Entering, Leaving Church‖ | 18 |
| 4. Paano Dumalo sa Misa | 19 |
| F. Banal na Komunyon | |
| 1. Ano at Bakit Tinatanggap Ito | 20 |
| 2. Paano Itinatag ang Banal na Eukaristiya | 20 |
| 3. Karapat-dapat na Pagtanggap ng Komunyon | 20 |
| 4. Ano ang Pag-aayuno Bago Komunyon | 21 |
| 5. Bago Tumanggap ng Banal na Komunyon | 21 |
| *a. Hikbi ng Pananampalataya* | 21 |
| *b. Hikbi ng Pag-asa* | 21 |
| *c. Hikbi ng Pag-ibig* | 21 |
| 6. Pagkatapos Tanggapin ang Komunyon | 22 |
| –Anima Christi‖ | 22 |
| 7. Epekto ng Pagtanggap ng Komunyon | 22 |
| G. Santo Rosaryo | 23 |
| 1. Paano Magdasal | 24 |
| 2. Mga Misteryo | 25 |

3. Aba Po Santa Mariang Hari 26
4. Litaniya sa Mahal na Birhen 26
5. Ang –Memorare‖ 29
6. Anghel ng Diyos 29
7. San Miguel Arkanghel 29
H. –Angelus‖/Reyna ng Langit 30
I. Tatlong-Araw na Bihilya 31
1. Ang Sumasampalataya 32
2. Ama Namin 32
3. Aba Ginoong Maria 32
4. Luwalhati 33
5. Panalangain ng Fatima, at Iba Pa 33
6. Pagsisisi 33
J. Resulta Pagkatapos ng 3-Araw ng Bihilya 34
K. Uri ng Sakit 35
L. 7 Kardinal na Kasalanan, 7 Banal na Birtud 35
M. Dahilan ng Pagkakasakit ng Tao 36
N. Gumawa ng Tipan sa Diyos 37
1. Pangunahing Batas ng Simbahan 37
2. Pitong Sakramento 38
3. Bunga ng Espiritu Santo 39
4. Handog ng Espiritu Santo 39
O. Mga Ibang Panalangin
1. Paghahandog sa Umaga 40
2. Mga Dasal sa Gabi 41
3. Pagsamba sa Santisima Trinidad 42
4. –Prayer for Humility‖ 44
5. –Prayer for Sick Persons‖ 45
6. –Prayer for Healing‖ 46
7. –Prayer of Deliverance‖ 47
8. –Rosary of the Wounds of our Lord Jesus Christ‖ 48
9. Ang Chaplet ng Banal na Awa 49
10. Panalangin sa Banal na Awa 50

## A. PAALAALA SA PAGGALING ("HEALING")

*1) PAGKUKUMPISAL (p. 2)

- **Di bababa sa isa sa isang taon**, o **kaagad -** ang isang binyagang Katoliko ay may kasalanang malaki (–mortal sin‖), ibig sabihin, natugunan ang 3 kondisyon dito: *a) mabigat na kasalanan, b) nakabatid na ang ginagawa ay kasalanan, c) mayroong lubos na pagsangayon ang kalooban*

*2) BANAL NA MISA (p. 16)

- **Bawat Linggo, at Araw na Pinangingilinan** (Enero 1, Disyembre 8, Disyembre 25)

*3) BANAL NA KOMUNYON (p. 20)

- **Bawat Misa** (binyagang Katoliko ay ligtas sa kasalanang mortal; **Pinakakaunti ay minsan sa isang taon** (Linggo ng Pagkabuhay o kung ang tao ay nasa panganib ng kamatayan

♦4) SANTO ROSARYO (p. 23)

- **Araw-araw -** *pakiusap ni Maria sa Lourdes, Pransya (1858)at Fatima, Portugal (1917*)

♦5) BIHILYA(p. 31)

- **Oras-oras sa loob ng 3 araw -** ng pamilya ng maysakit sa bahay o ospital)

♦6) GUMAWA NG TIPAN SA DIYOS (p. 37)

- **Habambuhay na Pangakong Maging Kaisa sa Diyos -** ng maysakit at pamilya ng maysakit; *Tipan ng Kapayapaan Magpakailanman – Ezekiel 37: 26)*

***kinakilangan (utos ng Diyos at Simbahan)** **♦di sápilitán**

# 1) PAGKUKUMPISAL

**Pagkukumpisal** (o pakikipagkasundo) – ang sakramento na nagpapatawad ng mga kasalanang nagawa pagkatapos ng Binyag, sa pamamagitan ng pagpapatawad o absolusyon na iginagawad ng pari.[1]

**Sino ang nagbigay sa pari ng kapangyarihan upang magpatawad ng mga kasalanan?**

SAGOT: Si Hesukristo ang nagbigay sa pari nga kapangyarihan upang magpatawad ng mga kasalanan[1] nang ibigay Niya sa Kanyang mga Apostoles at sa kanilang mga Kahalili sa Kaparian: *Ang patatawarin ninyo sa kanilang mga kasalanan ay pinatawad na nga, subalit ang hindi ninyo patatawarin ay hindi nga pinatawad. (Juan 20: 23)*

**Ang Mabuting Pagkukumpisal**[2]

Ang sakramento ng kumpisal ay hindi isang palabas lamang. Ito ay isang makabuluhang paraan tungo sa **pagbabalik-loob sa Panginoon.** Ito rin ang susi sa kapayapaan at pagbabago. Upang lubusang makamit ang mga kabutihang dulot nito, kinakailangang maging malinaw sa atin ang ilang katotohanan na dapat nating isabuhay.

**MGA MAHAHALAGANG KATOTOHANAN**[2]

1. Ang pag-ibig ng Diyos ay walang-kapantay, at nais Niyang makamit natin ang walang-hanggang kaligayahan.
2. Makakamit natin ang walang-hanggang kaligayahan kung gagamitin lamang natin ang ating kalayaan na mamuhay ayon sa Kanyang kalooban.

3. Ang bawat pagsalungat sa kalooban ng Diyos ay KASALANAN, at ang kabigatan nito ay naaayon sa:
   - ✓ mga bagay na ginawa o hindi ginawa;
   - ✓ antas ng kaalaman, intensiyon at antas ng pagkukusa; at
   - ✓ mga pangyayaring nakapaligid dito.
4. Ang pagtanggi sa pag-ibig ng Diyos ay isang kasalanan na nagpapakita ng ating kawalan ng utang na loob, pagmamalaki at tahasang paglaban sa Kanya.
5. Lumalayo tayo sa Diyos tuwing tayo'y nagkakasala. At ibinibigay natin sa ating sarili o sa iba pang nilalang ang atensiyon at pagmamahal na dapat iukol natin sa Kanya.
6. Sa ganitong paraan, nagdudulot tayo ng kapahamakan sa ating mga sarili at sa iba pang nilalang sapagkat sinisira natin ang kaayusang itinatag ng Maylikha.
7. Dahil sa Kanyang pag-ibig, ang Panginoon ay laging handang magpatawad. Sa katunayan, lagi Siyang nananawagan sa atin na bumalik sa Kanya at muling mamuhay nang wasto.
8. Kung nais nating matanggap ang kapatawaran ng Diyos, kailangan nating tugunin ang Kanyang pa-anyaya na:
   - TIGILAN ang pagkakasala;
   - UMIWAS sa mga situwasyong makasalanan; at
   - BUMALIK sa Kanya nang may nagtitikang puso.
9. Dapat rin nating hingin ang Kanyang kapatawaran sa pamamagitan ng Simbahang kanyang itinatag at ayon sa kaisipan ni Kristo nang ibinigay Niya sa Kanyang mga apostoles ang kapangyarihan na magpatawad ng mga kasalanan.(Juan 20: 22 at sumusunod)

10. Ang pagtanggap sa kapatawaran ng Diyos sa Sakramento ng Kumpisal ay daan tungo sa tunay na espiritwal na pagkabuhay, puno ng bagong biyaya at pagpapala. Sa pamamagitan ng sakramentong ito, muli tayong nakikipagkasundo sa Diyos, sa simbahan, sa ating kapwa, at sa ating sarili.

Paghahanda sa Pagkukumpisal[2]

Ang mahalaga sa Sakramento ng Kumpisal ay hindi ang makapagkumpisal, kundi pagpapatupad ng isang **"mabuting kumpisal"**, sa pamamagitan ng:

- Pagharap sa sakramento na taglay ang tunay na pagsisisi sa ating mga kasalanan;
- Pagkukumpisal ng mga kasalanan nang buong kababaang-loob at katapatan;
- Pagiging handa na pagbayaran ang mga pagkakasalang nagawa; at
- Pagsisikap na iwasang magkasalang muli, at sa halip ay mamuhay ayon sa kalooban ng Diyos.

Upang maisakatuparan ang mga ito, mahalagang magkaroon ng masusing **pagsusuri ng budhi o "examination of conscience."** Kabilang dito ang:

a) Pagsusuri ng kabigatan ng kasalanan kung ilang ulit ito ginawa sa isip, sa salita, o sa gawa, maging ito ay pagkakamali na ating ginawa o kabutihang dapat isinagawa subalit hindi nagawa (–sins of omission‖);

b) Pagtanggap sa katotohanan na sa pamamagitan ng ating pagkakasala, sinaktan natin ang Diyos, at nagpanumbalik sa paghihirap at pagkamatay si Jesucristo, at naging sanhi ng kasamaan ng ating kapwa at ng ating sarili.

Ang sumusunod ay mahalagang pantulong sa mabuting pagsusuri ng budhi:

1. *Panalangin sa Espiritu Santo* para sa kaliwanagan at katiwasayan;
2. Pagbasa ng ilang importanteng babasahin mula sa Bibliya na makatulong sa ating upang muling matuklasan ang kalubhaan nga ating pagkakasala, ang kadakilaan nga pagmamahal ng Diyos sa atin, at ang Kanyang kahandaang patawarin tayo;
3. Pagbalik-aral ng mga katanungan ukol sa ating tungkulin sa Diyos, kapwa-tao at sarili.

## PANALANGIN BAGO MAGSAGAWA NG PAGSUSURI NG BUDHI[2]

*Halina, Espiritu Santo, sa aking puso at ako'y tulungan mo na makilala ko ang aking pagkakamali, pagsisihan ang mga ito, at ikumpisal nang buong kababaang-loob, upang tamasahin ko ang pagpapatawad ng Ama.*

*Sa pamamagitan ng iyong liwanag, ilawan mo ang kadiliman ng aking isip; sa pamamagitan ng iyong apoy, pag-alabin mo ang puso kong nanlalamig; sa pamamagitan ng iyong pagpapala,*
*puspusin mo ako ng iyong pag-ibig at kapangyarihan.*

*Makilala ko nawa ang aking mga pagkakamali at kabutihang dapat ngunit di ginawa. Tulungan mo akong magtika nang lubos sa aking mga kasalanan;*
*Pagtibayin mo ang aking hangarin na di na magkasala pang muli, at mamuhay sa iyong pag-ibig, kapayapaan at kaligayahan. Amen.*

## BALANGKAS SA PAGSUSURI NG BUDHI

Maraming paraan sa pagsasagawa ng pagsusuri ng budhi.

Isa rito ay ang pagtingin sa ating buhay ayon sa **Sampung Utos** at alamin kung gaano kadalas at gaano kalubha ang di pagsunod natin sa mga ito.

Isa pang paraan ay ang pagnilayan ang mga **katangiang taglay ng isang tunay na Kristiyano** (pananampalataya, pag-asa, pagmamahal sa Diyos at kapwa, tiyaga, kalinisan, katapatan, atbp.) at alamin kung ito'y ating isinasabuhay o hindi.

Sa kabila ng maraming paraan ng pagsusuri ng budhi, ang pinakamahalaga ay *ang pagharap natin sa Panginoon at ang pagtanong sa ating sarili nang buong katapatan kung naging kalugud-lugod tayo sa Kanya. At kung hindi, Bakit?*

### Mga Panimulang Tanong[2]

- *Kailan ako huling nangumpisal? Iyon ba ay "mabuting kumpisal?"*
- *Nagbigay ba ako ng natatanging pangako sa Panginoon sa pagkakataong iyon? Tinupad ko ba ang aking pangako?*
- *Nagkaroon ba ako ng matindi o mortal na kasalanan mula noong huli kong kumpisal?*

## MGA TANONG BATAY SA SAMPUNG UTOS

1. **Wala nang ibang Diyos, maliban sa Akin.**

Ang Diyos ba ang pinakamahalagang katotohanan sa aking buhay? Nag-alinlangan ba ako sa aking pananampalatayang Katoliko? Ako ba'y nagbasa ng mga aklat o nanood ng mga pelikula o palabas na labag sa aking pananampalataya? Ako ba'y mapamahiin? Naniniwala ba ako sa mga hula, astrolohiya, pagbasa ng palad, kulam? Ako ba'y patuloy na nagtitiwala sa Diyos sa kabila ng mga pagsubok at paghihirap? Mayroon ba akong mga –munting diyos‖ sa aking buhay: *salapi, kaaliwan, tagumpay, katanyagan, kapangyarihan?*

2. **Igalang mo ang Ngalan ng Diyos.**

Binanggit ko ba ang ngalan ng Diyos nang walang paggalang? Ako ba'y nagmura? Tinupad ko ba ang mga pangako ko sa Diyos? Ako ba'y nagsalita nang walang paggalang tungkol kina Jesus, Maria, at iba pang mga Santo?

3. **Ipangilin mo ang Araw ng Panginoon.**

Ako ba'y taimtim o taos pusong dumadalo at maaga sa Misa tuwing Linggo? Nananalangin ba ako araw-araw, kahit sa umaga at gabi man lamang? Nagbabasa ba ako ng mga pahayag ng Diyos mula sa Bibliya araw-araw? Ako ba'y sadyang interesado na higit na maintidihan ang aking pananampalataya at makatulong sa aking kapwa (kasama ang aking mga kaibigan, kaupisina/kamag-aral, at kamag-anak) na ito ay kanila ring mau

4. **Igalang ang iyong ama at ina.**

*(Para sa mga anak)* Nagkulang ba ako sa pagpapadama ng aking pagmamahal sa aking mga magulang at iba pang kamag-anak? Ako ba'y hindi naging magalang o masunurin sa kanila? Ako ba'y tumulong sa kanila nang buong kakayahan? Nagdulot ba ako ng sama ng loob sa kanila? Paano? Iginalang ko ba ang aking mga guro, ang aking *Parish Priest*, at ang iba pang may awtoridad? Iginalang ko ba ang mga tuntunin ng aking paaralan?

*(Para sa mga Magulang)* Pinalaki ko ba ang aking mga anak na marunong magmahal at magmalasakit? Ako ba'y napakaluwag o napakahigpit sa kanila? Nagpakita ba ako sa kanila ng masamang halimbawa sa salita at sa gawa? Sinikap ko ba na mabigyan ang aking mga anak ng magandang halimbawa? Sinikap ko bang magkaroon ang aking mga anak ng tamang edukasyon tungkol sa relihiyon at maging aktibo sa pamayanang kristiyano at organisasyon? Hinikayat ko ba silang ma- muhay na nagmamahal sa kanilang simbahan at lipunan?

5. **Huwag kang papatay.**

May nasaktan ba ako dahil sa aking ginawa o sinabi? Tumanggi ba akong tumulong sa aking kapwa gayong may pagkakataon at paraan para ako'y makatulong? Nagkalat ba ako ng mga masasamang balita tungkol sa iba? Nagpakita ba ako ng masamang halimbawa? Nagsikap ba akong makabawi sa mali kong nagawa? Nagtanim ba ako ng sama ng loob? Kaagad at buong katapatan ba akong humihingi ng paumanhin para sa aking mga pagkakamali? Ako ba'y naging instrumento upang mahikayat ang iba na magkasala sa pamamagitan ng aking sinabi at ginawa? Iginalang ko ba ang opinyon at paniniwala ng iba? Ako ba'y pumatay? Naging sanhi ba ako ng kapahamakang pisikal, at moral ng aking kapwa?

Ako ba'y sumapi sa isang samahan na gumagamit ng dahas? Ako ba'y tahasang sumang-ayon, nagrekomenda, o lumahok sa aborsiyon? Naging bahagi ba ako sa paglapastangan sa kalikasan? Pinangalagaan ko ba ang aking pisikal at pangkaisipang kalusugan? Ako ba'y nanigarilyo, uminom nang labis, gumamit ng mga ipinagbabawal na gamot, at gumawa ng iba pang bagay na nakasira hindi lamang sa aking kalusugan, kundi maging sa kalusugan ng iba?

**6 & 9 Huwag kang manghalay. Huwag mong pagnasahan ang asawa ng iyong kapwa..**

*(Para sa lahat)* Tumingin ba ako sa mga malaswa na larawan, palabas, pelikula… O nagbasa ng mga aklat at iba pang lathalain na nagpupukaw ng mahalay na damdamin na makapagtutulak sa akin na magkasala laban sa kalinisan? Pinaglaruan ko ba sa aking isipan ang mga mahalay na bagay at nagpabaya sa mga malalaswang naisin? Gumawa ba ako ng kahalayan sa sarili o kasama ng iba? Ako ba'y naging maingat at wasto sa pakikisalamuha sa iba (babae o lalaki), may asawa man o wala? Sumali ba ako sa mga usapin o biruan na posibleng mag-udyok sa akin at sa mga kasama ko na magkasala laban sa kalinisan? Ako ba'y nakipagrelasyon, nakipagtalik, o nagsagawa ng mga pagkilos na nararapat lamang sa mga taong kasal na sa Simbahan? *(Pre-marital sex)*

**7 & 10 Huwag kang magnakaw. Huwag mong pagnasahan ang mga ari-arian ng iyong kapwa.**

Iginalang ko ba ang pag-aari ng iba? Ako ba'y nakasira ng pag-aari ng bayan? Ako ba'y nagnakaw? Isinauli ko ba ang aking ninakaw, o binayaran ang halaga nito? Nandaya ba ako sa paaralan o sa hanap-buhay? Naging tapat ba ako sa aking trabaho at

ginampanan ko ba nang buong husay ito? Makatarungan ba ako sa pagbayad sa aking mga empleyado, sa pagbayad ng aking buwis at iba pang dapat bayaran? Nainggit ba ako sa kayamanan ng iba at sa kanilang tagumpay? Nag-aksaya ba ako ng oras at mga pagkakataon? Ako ba ay naging sakim? Ginamit ko ba ng wasto ang likas yaman?

**8. Huwag kang magsinungaling laban sa iyong kapwa.**

Ako ba'y nagsinungaling para ipagtanggol ang aking kayabangan o para magdulot ng kapahamakan sa iba? Ako ba'y nagsinungaling sa loob ng hukuman? Ipinag-tapat ko ba sa iba ang mga sekretong ipinagkatiwala sa akin? Ibinunyag ko ba ang sekretong kamalian ng iba? Mayroon ba akong pinaratangan, bagama't ito'y walang katotohanan? Hinusgahan ko ba ang iba nang walang pasubali? Ako ba'y isang taong may kinikilingan? Kaya ko bang timbangin nang wasto ang katotohanan at pagiging mapagbigay?

## BAGO DUMULOG SA KUMPISAL

a) Buong kababaang-loob na hilingin sa Panginoon ang Kanyang kapatawaran, at humingi ng biyayang kailangan upang maiwasan ang muling magkasala.

b) Sikaping alamin ang pinagmulan ng iyong pagkakasala: mga masamang bisyo, personal na kahinaan, masamang ugali… at tingnan kung paano maaalis kahit isa man lamang sa mga –ugat‖ nito. Ibig sabihin: kailangan ang pagsisikap upang maging isang mas mabuting tao sa pamamagitan ng pagwaksi sa masasamang ugali at dating gawi, o sa pagpapatibay ng mabuting kaugalian.

c) Hilingin sa Panginoon ang biyayang magkaroon ng isang mabuti at ganap na kumpisal.

# SA PAGKUKUMPISAL

1. Mag-antanda ng Krus at sabihin:

   ***Bendisyunan po ninyo ako, Padre, pagkat ako'y nagkasala. Ang huli kong mabuting pangungumpisal ay noong*_(ex. 1 taong) nang nakaraan. *At mula noon, ito po ang aking mga pagkakasalang nagawa* ...**

   Tapat at maliwanag mong sabihin ang lahat ng iyong mga kasalanan mula sa pinakamahirap o nakakahiya mong kasalanan. Sa sandaling makadama ka ng pangamba, o kung mayroong hindi malinaw sa iyong mga kasalanan, hingin mo na tulungan ka ng pari.

   Tandaan na kinakailangang banggitin kung ilang beses nagawa ang mga kasalanang mortal, kasama ang mga kalagayan na nagpalala nito. *(Hal. aborsyon, misnsan ginawa, naging makasarili. Sundan ng benyal na kasalanan, halimbawa, walang respetong pagsagot sa magulang na di sinadya. Hindi na kailangang sabihin kung ilang beses ginawa at bakit nagawa.)*

   Pagkatapos ikumpisal ang lahat ng mga natatandaan mong kasalanan, sabihin mo:

   **Sa lahat ng mga kasalanang ito, at sa lahat ng mga kasalanang nagawa ko sa aking buhay, lalo na ang kasalanang laban sa… (dito'y banggitin ang pinakamahalagang mga katangian, tulad ng kalinisan, katapatan, pag-ibig, atbp.), humihingi ako ng kapatawaran at parusa mula sa inyo, Padre.**

2. Dito, maglalaan ang Pari ng mga pananalita at pagpapayo. Sasabihin din niya ang anumang parusa na iyong tutuparin pagkatapos ng pagkukumpisal. Sa kanyang paanyaya, dasalin mo ang **Dasal ng Pagsisisi** (pahina 33).

3. Pagkatapos sambitin ang Dasal ng Pagsisisi, iyuko ang iyong ulo at tanggapin ang hinahatid na pagpapatawad ng Pari ng buong pagpapakumbaba at pasasalamat. Taimtim na pakinggan ang kanyang mga sinasabi at sabayan siya sa pagbigkas ng pangwakas na salita, –Amen!‖

## PAGKATAPOS NG KUMPISAL

Lumuhod sa harap ng altar o sa harap ng imahen ng atin Panginoon, at pasalamatan Siya sa biyaya ng kumpisal. Sambitin muli ang iyong mga pangako at hingin ang tulong Niya na mapaglabanan ang mga darating pang mga tukso. Kasama ni Santo Domingo Savio, bigkasin ang panalangin/patunay na nasasaloob ng sawikaing: **Kamatayan, kaysa magkasala**. Kung ang parusang natangg ap ay binubuo ng mga panalangin, dasalin mo ang mga iyon ng taimtim.

Pagkatapos, silayan mo ng ngiti ang Panginoon ng may kalakip na pasasalamat. Tumayo ka ng may taglay na sigla at saya ng puso: ang Panginoon ay maawain at mapagbigay. Ipinagdiriwang Niya ang iyong pagbabalik-loob sa Kanyang piling. Nais Niyang madama mo na kapiling ka Niya at ng lahat ng kanyang mga Banal. Ialay ang bawat sandali ng iyong buhay sa Kanya at ipakita mo sa lahat kung gaano kaganda at kadakila ang mamuhay na nagsisilbi sa Panginoon.

# RELIGIONS IN PHILIPPINES [1]

| | Name | Place of Origin | Founder | Year |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Catholic Church | Jerusalem | Jesus Christ | 33 |
| 2 | Islam | Mecca | Mohammad | 570 |
| 3 | Eastern Orthodox | Near East | Schism | 1054 |
| 4 | Lutheran | Germany | Martin Luther | 1517 |
| 5 | Episcopalian | England | Henry VIII | 1534 |
| 6 | Presbyterian | Scotland | John Knox | 1560 |
| 7 | Baptist | Amsterdam | John Smyth | 1600 |
| 8 | Methodist | England | John/Charles Wesley | 1739 |
| 9 | Evangelical | Pennsylvania (USA) | Jacob Albright | 1803 |
| 10 | Church of Christ | Kentucky (USA) | Thos & Alex Campbell | 1827 |
| 11 | Latter Day Saints (Mormon) | New York (USA) | Joseph Smith | 1830 |
| 12 | Adventist | New York (USA) | William Miller | 1831 |
| 13 | Sabbatists | Michigan (USA) | Mrs. E. G. White | 1845 |
| 14 | Salvation Army | England | William Booth | 1865 |
| 15 | Witnesses of Jehovah | USA | Charles Russel | 1876 |
| 16 | Phil. Independent Church | Philippines | Gregorio Aglipay | 1902 |
| 17 | Assembly of God | Arkansas (USA) | General Meeting | 1914 |
| 18 | Iglesia ni Cristo | Philippines | Felix Manalo | 1914 |

pinuno ng unang simbahan, kanila ring tinatanggap ang kahalagahan ng Simbahan sa Roma. Si San Pablo ay sumulat sa Mga Taga-Roma 1: 8 *"Una sa lahat, nagpapasalamat ako sa aking Diyos sa pamamagitan ni Hesukristo dahil sa inyong lahat, sapagkat ang inyong pananampalataya ay "balitang-balita sa buong daigdig."* Ang orihinal nga Griyegong salita na ginamit ay –kata‖ kasama ang pang-uring –holos‖ na ibig sabihin ay –whole‖ o buo. Samakatwid, ang salitang –katolika‖ ay galing sa orihinal na Griyegong teksto sa bibliya na ibig sabihin ay –pangkalahatan ang Simbahan‖.

Ang salitang –katolika‖ ay mas matanda pa kaysa sa salitang –bibliya‖. Para lubos na mapaliwanag ang katangian, misyon, at pananaw ng Simbahan noong 110 AD, isang obispo, Ignatius ng Antioch, ang gumamit ng salitang –katolikos‖, na ang ibig sabihin sa Griyego ay –pangkalahatan‖. *"Kung nasaan nandiyan ang obispo, nandiyan ang congregasyon nagtitipon, nandiyan din si Kristo."*

**Bakit itinatag ni Kristo ang Simbahan?**[1]

*Sagot*: Itinatag ni Kristo ang Simbahan upang akayin ang lahat ng tao sa kaligtasang walang hanggan.

**Paano natin malalaman na ang Simbahang Katolika ay ang tunay sa Simbahang itinatag ni Kristo?**[1]

*Sagot*: Malalaman natin na ang Simbahang Katolika ay ang tunay sa Simbahang itinatag ni Kristo sapagkat tanging ito lamang ang may mga tanda ng tunay na Simbahan.

## MGA TANDA NG TUNAY NA SIMBAHAN

*"Iisa, Banal, Katolika, at Apostolika"*

1. **Iisa** – Nagkakaisa ang lahat ng kasapi sa kanilang; sinasampalatayanang aral at katotohanan, sa tinatanggap na mga sakramento, sa inihahandog na hain at sa pagsunod sa iisang kataas-taasang Puno na ang tawag ay Santo Papa.
2. **Banal** – Ito ay banal sapagkat siya ang Katawan ni Kristo at ipinagpapatuloy niya ang gawain ni Kristo sa lupa: padaluyin ang biyaya ng kabanalan at kaligtasan sa mga tao sa pamamagitan ng Kanyang mga aral, kautusan, mga sakramento at Santa Misa.
3. **Katolika** – Ang Simbahang ito ay panlahat sapagkat bukas para sa lahat ng tao, nag-aanyaya sa lahat at sa kasalukuyang ito ay laganap na sa daigdig.
4. **Apostolika** – Ang Simbahang ito ay itinatag ni Hesukristo kay San Pedro at sa mga Apostol. Ang iniaaral at iniuutos ng Simbahan ay galing sa kanila at ngayon ay ipinagpapatuloy ng kanilang mga kahalili, ang Santo Papa bilang kahalili ni San Pedro at ang mga obispo bilang kahalili ng mga apostol.

*Puná: Ang di-makitang pinuno ng Simbahan ay si Hesukristo. Si San Pedro ay hinirang ni Kristo bilang nakikitang pinuno ng Simbahan.*

**Maaari bang maligtas ang mga taong hindi kabilang sa Simbahang Katolika?**[1]

*Sagot:* Maaaring maligtas ang mga taong hindi kabilang sa Simbahang Katolika kung ang kanilang di pag-anib dito ay hindi dahilan sa kanilang kapabayaan o pagkukulang, at sa kabila nito ay sinusunod nila ang kalooban ng Diyos ayon sa kanilang kaalaman.

**2) BANAL NA MISA**

Banal na Misa - **ang sakripisyo ng Bagong Tipan, na kung saan, sa pamamagitan ng pari, iniaalay ni Kristo ang kanyang sarili sa Diyos sa isang di- madugong paraan, sa anyo ng tinapay at alak (pinagmumulan at tugatog ng buhay-Kristiyano).[1]** Anu-ano ang mga layunin ng pag-aalay ng Misa?[1] *Sagot*: 1) sambahin ang Diyos (–Adoration‖);

2) magbayad-puri sa mga kasalanan (—Contrition‖);

3) pasalamatan ang mga kaloob (—Thanksgiving‖); at

4) humingi sn mga biyaya at pagpapala (—Supplication‖)

**Bakit sinasabing ang Misa at ang sakripisyo sa krus ay iisang sakripisyo?**[1]

*Sagot:* Sa misa at sa krus ay may iisang biktima at iisang pangunahing paring nag-aalay, na si Hesukristo mismo.

**The Tremendous Value of the Holy Mass**[5]

- At the hour of death, the Masses you have heard will be your greatest consolation.
- Every mass will go with you to judgment and plead for your pardon.
- At every mass, you can diminish the temporal punishment due to your sins, more or less, according to your fervor.
- Assisting devoutly at Mass, you render the Sacred Humanity of our Lord the greatest homage.
- He supplies for many of your negligence and omissions.

- have never confessed.
- The power of Satan over you is diminished.
- You afford the souls in purgatory the greatest possible relief.
- One mass heard during you life will be of more benefit to you than many heard for you after your death. You are preserved from many dangers and misfortunes which would otherwise have befallen you.
- You shorten your purgatory by every Mass.
- Every mass wins for you a higher degree of glory in heaven.
- You receive the priest blessing which our Lord ratifies in heaven.
- You kneel a mist multitudes of holy angels, who are present at the adorable sacrifice with reverential awe.
- You are blessed in your temporal goods in affairs.
- Every time we assist at Mass we should, beside our other intentions, offer it in honor of the saint of the day.
- When we hear Mass and offer the Holy Sacrifice in honor of any particular saint or angel, thanking God for favors He bestowed on him, we afford him a great degree of honor, joy, and happiness, and draw his special love and protection on us.

We adore You, our Most Holy Lord, JESUS CHRIST, here and in all the churches which are in the world, and we bless you because by Your Holy Cross You have redeemed the world.

O sacred banquet in which CHRIST is received, the memory of His Passion is renewed, the mind is filled with grace, and a pledge of future glory is given to us.

(During Easter Season, add: ALLELUIA)

**Leader (L):** You have given them bread from heaven. (ALLELUIA)

**All (A):** The Bread which is full of all goodness. (ALLELUIA)

**Let us pray:**

O God, who, in this wonderful Sacrament, left us a memorial of Your Passion, grant we implore You, that we may so venerate the sacred mysteries of Your Body and Blood as always to be conscious of the fruit of Your Redemption, You who live and reign forever and ever. Amen.

## PRAYER BEFORE LEAVING THE CHURCH

Blessed be the holy and Immaculate Conception of the Blessed Virgin Mary, Mother of God.

We adore You, our most holy Lord, JESUS CHRIST, here and all the churches which are in the world, and we bless You because by Your holy Cross You have redeemed the world.

**L:** Sacred Heart of Jesus & Mary

**A:** Bless us and keep us.

**Paano tayo dapat dumalo ng Misa?**
_Sagot:_ Buong 1) paggalang (malinis at maayos na pagdamit/kilos), 2) kataimtiman (pagpako ng pag-iisip sa Panginoon ), at 3) pagmamahal (pag-alay ng puso sa Diyos)

## ANGKOP NA KASUOTAN SA SIMBAHAN

### Angkop na Kasuotan

Shirts or blusa na may kuwelyo; di-pikit na pantalon; –corporate attire‖; damit; –polo shirts‖ o long sleeves.




### Di-angkop na Kasuotan




–Caps‖, sando; –spaghetti straps‖ o –tank tops‖; plunging necklines; skirts or jersey shorts.

## 3) BANAL NA KOMUNYON

**Banal na Komunyon (o Pakikinabang)** – ang pagtanggap kay Hesukristo sa sakramento ng Banal na Eukaristiya o Misa (ang sakramentong tunay na naglalaman ng katawan, dugo, kaluluwa at pagka-Diyos ng Panginoong Hesukristo sa ilalim ng mga anyo ng tinapay at alak).[1]

**Kailan tayo inatasan ni Hesukristo ng tumanggap ng Banal na Komunyon?**

Sagot: Noong Kanyang sinabi: –*Ang kumain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay may buhay na walang hanggan."* (John 6:54). Ito ay pagkain ng ating kaluluwa.[3]

**Paano itinatag ni Kristo ang Banal na Eukaristiya?**[1]

Sagot: Sa ganitong paraan: Kinuha niya ang tinapay, binasbasan at hinati ito at binigay sa kanyang mga alagad, na sinasabi: *"Tanggapin ninyong lahat ito at kanin: Ito ang aking katawan."* Gayun din naman, hinawakan ang kalis, binasbasan at iniabot sa kanila na sinasabi: *"Tanggapin ninyong lahat ito at inumin: Ito ang kalis ng aking dugo ng bago at walang hanggang tipan. Ibubuhos ito para sa inyo at para sa lahat sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan."* Pagkatapos, sinabi niya sa kanyang mga apostoles: *"Gawin ninyo ito sa pag-alala sa akin".* Itinatag ni Kristo ang Eukaristiya sa Huling Hapunan, noong gabi bago siya mamatay. Ang mga apostoles ay naroroon.

**Ano ang kinakailangan upang buong karapat-dapat na tanggapin ang Banal na Komunyon?**[1]

Sagot: (1) *ang nakikinabang ay ligtas sa kasalanang mortal*, (2) *sumusunod sa batas ng Simbahan hinggil sa pag-aayuno.*

**Ano ang inaatas ng pag-aayuno bago makinabang?**[1]

Sagot: Iniaatas ng pag-aayuno bago makinabang ang hindi pagkain at pag-inom, liban sa tubig at gamot, sa loob ng isang (1) oras bago tumanggap ng Komunyon.

## BAGO TUMANGGAP NG BANAL NA KOMUNYON[1]

1. Isipin ang ating Dakilang Manunubos na ating tatanggapin.
2. Magdasal ng *Hikbi ng Pananampalataya, Pag-asa, Pag-ibig,* at *Pagsisisi*.

## HIKBI NG PANANAMPALATAYA[1]

O Diyos ko, sumasampalataya ako sa iyo at sa lahat ng iyong salita, sapagkat ikaw ay Katotohanan.

## HIKBI NG PAG-ASA[1]

O Diyos ko, umaasa ako sa iyo at sa iyong pangakong ako'y dadalhin mo sa langit, kung tutuparin ko ang iyong mga utos.

## HIKBI NG PAG-IBIG[1]

O Diyos ko, iniibig kita nang taos sa puso, sapagkat napakabuti mo.[1]

## PAGKATAPOS TANGGAPIN AND BANAL NA KOMUNYON[1]

1. Sambahin at purihin ang Panginoon.
2. Pasalamatan ang Panginoon.
3. Magpanibagong pangako tayo sa ating pagmamahal at pagsunod sa Kanya.
4. Humingi sa Kanya ng biyaya para sa sarili at iba.

## KALULUWA NI KRISTO (ANIMA CHRISTI)[7]

Kaluluwa ni Kristo, pakabanalin mo ako.
Katawan ni Kristo, iligtas mo ako.
Dugo ni Kristo, balutin mo ako.
Tubig mula sa tagiliran ni Kristo, hugasan mo ako.
Pagpapakasakit ni Kristo, patatagin mo ako.
Butihing Jesus, dinggin mo ako
Sa loob ng mga sugat mo, ako'y itago mo.
Huwag mong ipahintulot na mawalay ako sa iyo.
Sa nagpapahamak na kaaway, ako'y ipagsanggalang mo.
Sa sandali ng pagpanaw, ako'y tawagin mo.
At iyong ipag-utos na lumapit ako sa iyo.
Upang kaisa ng iyong mga banal, ako'y makapagpuri sa iyo sa kalangitan magpasawalang hanggan. Amen.

## BUNGA NG PAGTANGGAP NG KOMUNYON[1]

1. Lubos tayong napakalapit kay Hesus;
2. Nadagdagan ang ating grasyang nagpapabanal;
3. Tayo ay lalong napapangalagaan laban sa kasalanang mortal, at napapatawad ang ating mga kasalanang benyal;
4. Nakatatanggap ng tulong upang magpakabuti.

# 4) SANTO ROSARYO[8]

Ang Santo Rosaryo (*Latin rosarium ~ hardin o korona ng mga rosas)* ay binubuo ng 2 uri ng dasal:
• ***isinasa-isip ("mental")**, at **binibigkas ("vocal").***


***a) dasal ng isinasa-isip** - pagninilay sa mga misteryo* sa buhay, pagkamatay at kaluwalhatian ni Hesuskristo at ng kanyang Mahal na Ina.
***b) dasal na binibigkas** - pagdarasal ng dalawampung (20) dekada ng Aba Ginoong Maria*, kung saan bawat dekada ay pinangungunahan ng Ama Namin, habang pinagnilay-nilayan ang dalawampung prinsipal na birtud na isinabuhay ni Hesus at Maria sa loob ng 20 misteryo ng Santo Rosaryo.

Dahil ang Santo Rosaryo ay binubuo ng Ama Namin at Aba Ginoong Maria, di kahina-hinalang ito ay ang pinaka-unang dasal at unang debosyon ng mga tagasunod ni Kristo. Ito ay nakaugalian nang dasalin noong ilang dantaon nang nakaraan, simula sa unang mga apostoles at disipulo hanggang ngayon.

Noong taong 1214 lang nabuo ng Banal na Simbahang Katolika ang Rosaryo sa kanyang kasalukuyang anyo at sa paraang dinarasal natin ngayon. Ito ay ibinigay sa Simbahan ni *Santo Domingo* na siyang tumanggap nito galing kay Santa Maria bilang isang makapangyarihang paraan sa paghikayat sa Kristiyanismo ng mga ―Albigensians‖ at iba pang tao.

## ANG PAGROROSARYO

1. Mag-antanda ng krus at dasalin **"Ang Sumasampalataya"** (p. 32).
**2.** Dasalin ang **"Ama Namin"** (p. 32).
3. Dasalin ng 3 beses ang **"Aba Ginoong Maria"** (p. 32).
4. Dasalin ang **"Luwalhati"** (p. 33).
5. Pagnilayan ang *Unang Misteryo* (p. 25-26) at dasalin ang **"Ama Namin"**.
6. Dasalin ng 10 beses ang **"Aba Ginoong Maria"** habang pinagnilay-nilayan ang Misteryo.
7. Dasalin ang **"Luwalhati".**
Pagkatapos ng bawat dekada, dasalin ang **"Panalangin ng Fatima"** (p. 33) na hiniling ng Birheng Maria sa Fatima, Portugal na dasalin.
8. Pagnilayan ang *Ikalawang Misteryo* at dasalin ang **"Ama Namin"**. Ulitin ang bilang




6) at 7). Ipagpatuloy ang *Ikatatlo, Ikaapat* at *Ikalimang Misteryo* sa ganun din proseso
**9.** Dasalin ang **"Aba Po, Santa Mariang Reyna"** (p. 26) pagkatapos ng limang dekada.
**10.** Dasalin ang **"Litaniya ng Mahal na Birhen"** (p. 26).
11. Dasalin ang **"Pangwakas na Panalangin‖** (p.29).

# MGA MISTERYO NG SANTO ROSARYO

MISTERYO SA TUWA

*(Bawat Lunes at Sabado)*

1. Ang Pagbati ng Arkanghel San Gabriel kay Santa Maria.
2. Ang Pagdalaw ni Santa Maria kay Santa Isabel
3. Ang Pagsilang kay Jesus sa bayan ng Belen
4. Ang Pag-aalay kay Jesus sa Templo
5. Ang Pagkakita kay Jesus sa Templo

## MISTERYO SA HAPIS

*(Bawat Martes at Biyernes)*

1. Ang Pananalangin ni Jesus sa Getsemani
2. Ang Paghahampas kay Jesus sa Haliging Bato
3. Ang Pagpuputong ng Koronang Tinik
4. Ang Pagpapasan ng Krus
5. Ang Pagpapako at Pagkamatay ni Jesus sa Krus.

## MISTERYO NG LIWANAG

*(Bawat Huwebes)*

1. Ang Pagbibinyag kay Jesus sa Jordan
2. Ang Pagpapahayag ni Jesus ng Sarili sa kasalan sa Cana.
3. Ang Pagpapahayag ng Kaharian ng Diyos at Panawagang Magbalik-loob
4. Ang Pagbabagong-anyo ni Jesus
5. Ang Pagtatalaga ng Eukaristiya bilang Tanda ng Misteryo Paskwal

## MISTERYO SA LUWALHATI

*(Bawat Miyerkoles at Linggo)*

1. Ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesus
2. Ang Pag-akyat sa Langit ni Jesus
3. Ang Pagpanaog ng Espiritu Santo
4. Ang Pag-aakyat sa Langit sa Mahal na Birhen
5. Ang Pagpuputong ng Korona sa Mahal na Birhen

## ABA PO SANTA MARIANG HARI

**Aba po, Santa Mariang Hari,** Ina ng awa, ikaw ang kabuhayan at katamisan; aba, pinananaligan ka namin. Ikaw ang tinatawag namin, pinapanaw na taong anak ni Eba. Ikaw rin ang pinagbubuntuhang-hininga namin sa aming pagtangis dini sa lupang bayang kahapis-hapis. Ay aba, pintakasi ka namin, ilingon mo sa amin ang mga mata mong maawain, at saka kung matapos yaring pagpanaw sa amin, ipakita mo sa amin ang iyong Anak na si Jesus. Santa Maria, Ina ng Diyos, maawain, maalam at matamis na Birhen.

**L:** Ipanalangin mo kami, Santang Ina ng Diyos.
**T:** *Nang kami ay maging dapat makinabang sa mga pangako ni Hesukristong Panginoon namin.*

# LITANIYA SA MAHAL NA BIRHEN

Panginoon, maawa ka sa amin
*Kristo, maawa ka sa amin*
Panginoon, maawa ka sa amin
Kristo, pakinggan mo kami

Diyos Ama sa Langit. † *Maawa ka sa amin*
Diyos Anak na tumubos sa sanlibutan †
Diyos Espiritu Santo †
Banal na Trinidad, iisang Diyos †

Santa Maria * *Ipanalangin mo kami*
Santang Ina ng Diyos*
Santang Birhen ng mga birhen*
Ina ni Kristo*
Ina ng Banal na Simbahan*
Inang puspos ng biyaya ng Diyos*
Inang kalinis-linisan*
Inang walang kamalay-malay sa kasalanan*
Inang kasakdal-sakdalan*
Inang walang bahid ng kasalanan*
Inang kaibig-ibig*
Inang kahanga-hanga*
Ina ng mabuting kahatulan*
Ina ng Maylikha*
Ina ng Mananakop*
Birheng kapaham-pahaman*
Birheng dapat igalang*
Birheng lalong dakila*
Birheng makapangyayari*
Birheng maawain*
Birheng matibay ang loob sa magaling*
Salamin ng katwiran*
Luklukan ng karunungan*
Simula ng tuwa namin*
Sisidlan ng kabanalan*
Sisidlang bunyi at bantog*

Sisidlang bukod ng may kusang
sumunod sa Diyos *Ipanalangin mo kami*
Rosang bulaklak na di mapuspos ng bait ng tao ang halaga*
Tore ni David*
Toreng garing*
Bahay na ginto*
Kaban ng Tipan*
Pinto ng Langit*
Talang maliwanag*
Tala ng Pagpapahayag ng Mabuting Balita*
Tanggulan ng mga makasalanan*
Mapang-aliw sa mga nagdadalamhati*
Mapag-ampon sa mga Kristiyano*
Reyna ng mga Anghel*
Reyna ng mga Patriarka*
Reyna ng mga Propeta*
Reyna ng mga Apostol*
Reyna ng mga Martir*
Reyna ng mga Kumpesor*
Reyna ng mga Birhen*
Reyna ng lahat ng mga Santo*
Reynang ipinaglihi na di nagmana ng salang orihinal*
Reynang iniakyat sa Langit*
Reyna ng Kasantu-santuhang Rosaryo*
Reyna ng pamilya*
Reyna ng kapayapaan*

**Lider (L):** Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. **Tanan (T):** *Patawarin mo kami, Panginoon.*
**T:** Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sandaigdigan,. **T:** *Pakapakinggan mo kami, Panginoon.*
**T:** Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng santinakpan, maawa ka sa amin.

**Manalangin tayo: O Diyos,** na ang kaisa-isa mong Anak, sa pamamagitan ng kanyang buhay, pagkamatay at pagka-buhay na mag-uli ay tinamo para sa amin ang gantimpalang buhay na walang hanggan, ipagkaloob mo po, isinasamo namin, na sa pagninilay nitong mga misteryo ng kabanal-banalang Rosaryo ng Pinagpalang Birheng Maria, matularan namin ang kanilang nilalaman, at makamtan namin ang kanilang ipinangangako. Alang-alang kay Kristong aming Panginoon. Amen.

## ANG MEMORARE (OALALAHANINO)

**Alalahanin mo,** lubhang maawaing Birheng Maria, na kailanman ay di narinig na may dumulog na sa iyo'y napapaampon, na lumuluhog na iyong tulungan, o hinihingi ang iyong pamamagitan, na iyong pinabayaan. Dala ng pag-asang ito, ako'y dumudulog sa iyo, O Birhen ng mga Birhen, at aking Ina. Naririto ako sa iyong harapan, na makasalanan at lipos ng kalungkutan. O Ina ng Verbong nagkatawang-tao, huwag mo nawang siphayuin ang aking mga pagsamo ngunit dinggin mo nawa sa iyong kaawaan. Amen.

## ANGHEL NG DIYOS

**Anghel ng Diyos,** tagatanod kong mahal, na sa pag-ibig niya ako sa iyo’y ipinauubaya. Sa araw na ito, sa piling ko’y huwag lumisan. Ako’y tanglawan, ingatan at alalayan. Amen.

## PANALANGIN KAY SAN MIGUEL ARKANGHEL

**San Miguel Arkanghel,** ipangsanggalang mo kami sa pakikibaka; maging kalasag ka nawa namin laban sa kasamaan at mga patibong ng dimonyo, supilin nawa siya ng Diyos, isinasamo namin, at ikaw, Prinsipe ng hukbo ng kalangitan, sa kapangyarihan ng Diyos, itaboy mo sa impiyerno si Satanas at lahat ng ibang masamang espiritu na naglipana sa daigdig hangad ang kapahamakan ng mga tao. Amen.

## ANG ANGELUS (ORASYON)

(Idinarasal tuwing 6 NU, 12 NT, 6 NG)

*Binati ng Anghel ng Panginoon si Maria.*

At siya'y naglihi, lalang ng Espiritu Santo. *Aba Ginoong Maria..*

*Narito ang alipin ng Panginoon.*

Maganap nawa sa akin ang ayon sa wika mo. *Aba ...*

*At ang Verbo ay nagkatawang tao.*

At nakipamayan sa atin. *Aba…*

*Ipanalangin mo kami, Santang Ina ng Diyos.*

Nang kami'y maging dapat makinabang sa mga pangako ni Kristo.

**Manalangin Tayo:**

Panginoon naming Diyos, kasihan mo nawa ang aming mga kaluluwa

sa iyong mahal na grasya at yayamang dahilan sa pamamalita ng Anghel ay nakilala namin ang pagkakatawang tao ni Kristong Anak mo, pakundangan sa mahal na pasyon at pagkamatay niya sa krus, papakinabangin mo kami sa kanyang pagkabuhay na mag-uli sa kaluwalhatian ng langit. Alang-alang kay Hesukristong aming Panginoon. Amen. *Luwalhati... (3x)*

## REYNA NG LANGIT

(Pasko ng Pagkabuhay, sa halip ng –Angelus‖)

*Reyna ng langit, magalak ka! Aleluya.*

Sapagkat ang minarapat mong dalhin sa iyong sinapupunan, Aleluya.

*Ay nabuhay na mag-uli, ayon sa kanyang sinabi, Aleluya.*

Ipanalangin mo kami sa Diyos, Aleluya.

*Magalak ka at matuwa, O Birhen Maria, Aleluya.*

Sapagkat ang Panginoon ay tunay na nabuhay na mag-uli, Aleluya.

**Manalangin Tayo:**

O Diyos, na sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ng iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon ay minarapat mong bigyan ng kagalakan ang buong daigdig, hinihiling namin sa iyo, na alang-alang sa Birhen Maria na kanyang Ina, ay makamtan namin ang kaligayahan sa buhay na walang hanggan. Sa pamamagitan na rin ni Kristong aming Panginoon. Amen. *Luwalhati... (3x)*

## 5) BIHILYA

**Bihilya** (Latin *vigilia ~ pagbabantay*) - Isang pagtatanod, lalo na sa gabi, para bantayan ang maysakit, o pagdarasal[9]

**Sino ang Nagbibihilya? Bakit? Gaano Katagal?**

Libreng miyembro ng pamilya at/o nag-aalaga (sa ospital, bahay), kung ang maysakit ay walang kakayahan.

*Ang dalangin ng mapagpakumbaba ay tumatagos sa mga ulap at hindi tumitigil hanggang di umaabot sa Panginoon; hindi humihinto hanggang di pinapansin ng Kataas-taasan, at iginagawad ang katarungan para sa mga taong nasa katuwiran. (Ecclesiastico o "Sirach" 35: 17)*

**Iminumungkahing Hakbang sa Pagbihilya**

1. Magsindi ng kandila sa altar bilang sagisag ni *"Hesus, Bukal ng Liwanag"*. (Hipan ang kandila tapos ng bihilya)
2. Lumuhod kasama ng pamilya (bilang alay sa Diyos).
3. Magbihilya ng 3 araw *(triduum)* na bihilya simula 6 NU hanggang 10 NG.

**VIGIL PRAYER:**

- **I Believe in God** (p. 32)
- **Our Father** (p. 32)
- **Hail Mary** (p. 32)
- **Glory Be** (p. 33)
- **O my Jesus** (p. 33)
- **Act of Contrition** (p. 33)
- **Deliverance Prayers**

a. **Praising & Thanksgiving -** Glory to God in the Highest [19]

b. **Repentance -** Act of Consecration to the Sacred Heart of Jesus [19]

c. **Shielding -** Prayer for Protection [19]

d. **Casting -** Healing of Mind, Body & Spirit[19]

e. **Cleansing -** Cleansing Prayer [19]

(Repeat every hour may pray with family during vigil)

**4. Pray-over the sick (in Jesus' name).**

## Ang Sumasampalataya

**Sumasampalataya ako** sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa. Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao Siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw, nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao. Sumasampalataya ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa Kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na mag-uli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

## Ama Namin

**Ama namin,** sumasalangit ka, sambahin ang ngalan Mo, mapasaamin ang kaharian Mo; sundin ang loob Mo dito sa lupa para nang sa langit. Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw; at patawarin Mo kami sa aming mga sala para nang pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin; at huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso, at iadya Mo kami sa lahat ng masama. Amen.

## Aba Ginoong Maria

**Aba, Ginoong Maria!** Napupuno ka ng grasya,
ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo; bukod kang pinagpala sa babaeng lahat, at pinagpala naman ang iyong anak na si Hesus. Santa Maria, ina ng Diyos, ipanalangin mo kaming makasalanan, ngayon at kung kami'y mamamatay. Amen.

## Luwalhati

**Luwalhati** sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo. Kapara noong unang-una, ngayon at magpakailan man at magpasawalang hanggan. Amen.

## Panalangin ng Fatima

**O Hesus ko**, patawarin Mo kami sa aming mga sala, iligtas Mo kami sa apoy ng impiyerno, dalhin Mo ang lahat ng kaluluwa sa langit, lalung-lalo na ang higit na nangangailangan ng iyong awa.

## Panalangin ng "Miraculous Medal"

**O Maria**, na ipinaglihing walang bahid ng kasalanan, ipanalangin mo kaming dumudulog sa iyo.

## "Divine Mercy Prayer"

**Hesus, Hari ng Awa**, kami ay nananalig sa Iyo.

## Pagsisisi

**O Diyos ko,** ikinalulungkot ko nang buong puso ang pagkakasala ko sa Iyo! Kinasusuklaman ko ang lahat kong kasalanan, dahil sa takot kong mawala sa akin ang kaharian ng langit at dahil sa takot ko sa hirap ng impiyerno; ngunit lalo pa naman dahil sa ang kasalanan ay napakasama sa loob Mo, O Diyos ko, na walang hanggan ang kabutihan at nararapat ibigin ng walang katapusan. Nagtitika akong matibay na matibay, at umaasa sa biyaya Mo, na ipagkukumpisal ko ang mga sala ko, tutuparin ko ang parusang hatol, at magbabagong buhay. Amen.

## RESULTA PAGKATAPOS NG 3-ARAW NA BIHILYA

***Tanong:*** *Ang lahat ba ng panalangin sa Diyos ay sinasagot niya kahit na ang 6 na paalala sa "Prayer Healing" ay nagawa na?*

***Sagot:*** *Oo, pero sa oras at paraan ng Diyos.*

*1.* **"Oo"** - *Paggaling Kaagad*

- Nagbubunga ng pangakong maglingkod sa iba
- Ang taong gumaling sa sakit ay nagiging buhay na saksi sa kapangyarihan ni Kristo magpagaling

*2.* **"Hintay"** - *Paggaling sa Panahon ng Diyos*

- Tuluy-tuloy na pag-alay ng maysakit ng kanyang sakripisyo para sa paglilinis ng sarili, pamilya, at sangkatauhan

*3.* **"Hindi"** - *May Mas Mabuting Plano and Diyos*

- May may magandang ibibigay siya sa hiling natin
- Payapang kamatayan (para hindi na mahirapan ang maysakit at pamilya)
- Sakit ay nagiging daan sa kaligtasan ng kaluluwa

## URI NG SAKIT

**1. Pisikal (o Pangangatawan) na Sakit**

- *Panlabas* – sanhi ng mikrobyo (hal. $AH_1N_1$ Flu), o polusyon (hal. asthma)
- *Panloob* – namamanang sakit (hal. diabetes), sakit sapul sa pagkabata (hal. Down's Syndrome)

**2. Pangkaisipan o Pangdamdamin na Sakit**

- *Depresyon, abnormal na takot o "phobia", pagkabalisa o "anxiety"* (–psychosomatic‖ – sanhi ng isip)

**3. Pangkaluluwa na Sakit**

- *"Divine in Nature"* – paggaling ng henerasyon, espiritwal na paglilinis, or kaluwalhatian ng Diyos (ex. Job 1: 8)
- *Masasamang espiritu* – pagsapi ng masasamang espiritu (hal. Maria Magdalena, Lucas 8: 2)

## 7 KARDINAL NA KASALANAN AT 7 BANAL NA BIRTUD

| | Kardinal na Kasalanan | Banal na Birtud |
|---|---|---|
| 1. | Katakawan | Kahinahunan |
| 2. | Kasakiman | Kabutihang-loob |
| 3. | Pagmamataas | Kababaang-loob |
| 4. | Kapithayaang Mahalay | Kalinisan |
| 5. | Inggit | Pagmamahal |
| 6. | Pagkagalit | Pagkamaamo |
| 7. | Katamaran | Kasipagan |

# DAHILAN NG PAGKAKASAKIT NG TAO

1. **Natural na Dahilan**

- *Katandaan ("Old Age")* – natural –wear and tear‖ ng katawan; Hal. arthritis
- *Kapabayaan sa Sarili ("Negligence")* - hindi paggamit ng natural na pamamaraan o pagsangguni sa medisina ukol sa kalusugan o pagpapagaling; Hal. pagkain ng bawal, hindi pagkonsulta sa doktor

**2. Espiritwal na Dahilan**

- *Kasalanan ("Sin")* – paglabag sa mga kautusan ng Diyos at Simbahan; Hal. –pre- marital sex‖ ay pwedeng maghantong sa –sexually-transmitted diseases‖ o aborsyon
- *"Sacrificial Lamb"* - pagdaranas ng pagkakasakit katulad kay Kristo bilang pagkakaisa tungo sa kaligtasan ng tao;
  Hal. maysakit na hindi makatulog at iba ang kulay ng balat pero walang dyagnosis ang ospital ay para kombersyon ng pamilya
- *Pagsubok ("Trials")* – pangkaluluwang paglilinis sa pamamagitan ng sakit, karukhaan, problema, sakuna, kamatayan, at iba pa;
  Hal. pagsubok at tagumpay ni Job

**3. Ibang Dahilan**

- *Bisyo ("Vice")* – masama/di-mabuting gawa, asal, ugali ng tao; Hal. pagsisigarilyo, paglalasing, pagkagumon sa bawal na gamot, pagsusugal, pambababae

# 6) GUMAWA NG TIPAN SA DIYOS

**Tipan** (English *covenant*, Latin *covenir*) - magkáisá[9]

## Sino ang nakikipagtipan? Bakit?

*<u>Sagot</u>:* Ang maysakit at/o buong pamilya nito na hinipo ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng kanilang karanasan sa buhay pananampalataya (halimbawa, sakit, problema)

*Gagawa ako ng isang tipan sa kanila. Ito ay tipan ng kapayapaan at mamamalagi magpakailanman. Pagpapalain ko sila at paparamihin. Itatayo ko sa kalagitnaan nila ang aking Templo. (Ezekiel 37: 26)*

## Minumungkahing Pagkilos:

- Pagbago ng buhay (halimbawa, pagtigil sa masamang bisyo, gawi, at ugali).
- Paglingkod sa Diyos sa pamamagitan ng ‒paggaling ng maysakit‖
- Pagsuporta sa Simbahan sa pangpananalaping kailangan at pagsali sa kanyang mga gawain.
- Pag-akay sa mga nilalang pabalik sa Panginoon:

**Pitong Sakramento**

1) Binyag 2) Kumpisal 3) Banal na Eukaristiya 4) Kumpil
5) Pagpapahid ng Santo Oleo 6) Pag-orden 7) Kasal

- Pagsunod ng:

**Pangunahing Batas ng Simbahan**:

1. Magsimba kung Linggo/araw na pangilin: Enero 1 Sta. Ma. Ina ng Diyos, Dis. 8 Imaculada Concepcion, Dis. 25 Pasko
2. Mag-ayuno at mag-abstinensiya sa mga araw na itinakda: Miyerkoles Abo, Biyernes Santo
3. Magkumpisal minsan man lamang sa 1 taon
4. Mag-komunyon isang bes/taon (Pasko ng Pagkabuhay)
5. Mag-abuloy sa mga pangangailangan ng Simbahan
6. Pakasal ayon sa batas na itinakda ng Simbahan

# ANG PITONG SAKRAMENTO

**Ano ang Sakramento?**

Sagot: Isang panlabas at mabisang tanda ng grasya, na itinatag ni Kristo upang pabanalin ang mga tao, mapaunlad ang katawan ni Kristo, at mag-ukol ng pagsamba sa Diyos.[1] (Latin *sacrare* – consegrar or pag-alay)

**Ano ang 3 Elemento ng Isang Sakramento?**[3]

*Sagot*: (1) *Itinatag ni Kristo* – tanging si Kristo ang nagtatag ng sakramento, dahil Diyos lamang ang makapagkaloob ng tanda kasama ng kapangyarihang magbigay ng grasya, Hal. binyag ni Hesus sa Ilog Jordan; (2) *Panlabas na Tanda* – bagay na mapansin o mahiwatigan ng karamdaman, Hal. tubig sa binyag; (3) *Kapangyarihang Magbigay ng Grasya* – daluyan ng biyayang nagpapabanal sa kaluluwa, Hal. paglilinis sa binyag ay paglinis ng kalooban sa kasalanan

**Sino ang nagbibigay ng grasya sa sakramento?**[3]

*Sagot*: Ang Panginoong Diyos ang nagbibigay ng grasya sa pamamagitan ni Hesukristo. Ang sakramento ay ―pagkilos ni Kristo‖. Sa pamamagitan ng panlabas na tanda, siya ay nagbabanal sa tao, katulad ng pagsabi niya kay Maria Magdalena, *"Ang iyong kasalanan ay pinatawad."*

**Ilang mga sakramento ang itinatag ni Kristo?**

*Sagot*: **7 Sakramento**[1]

**1. Binyag** – pumapawi sa kasalanang orihinal (kasalanang minana) sa ating mga unang magulang, at sa ibang kasalanang nagawa bago nabinyagan; nagbibigay ng banal na buhay; tayo ay nagiging mga Kristiyano at mga anak ng Diyos.

**2. Kumpil** - nagkakaloob ng mga tulong ng Espiritu Santo upang tayo ay maging lubos at magigiting na Kristiyano, na tulad ni Kristo ay handang maghandog ng sarili sa kapakanan ng lahat.

**3. Pagkukumpisal** – nagpapatawad ng kasalanang nagawa

matapos ng binyag; mararamdaman ng isang Kristiyano ang malaking awa at pagmamahal ng Diyos na nagpapatawad.

4. **Banal na Eukaristiya** – ang sakramentong tunay na naglalaman ng katawan at dugo, kaluluwa at pagka-Diyos ng ating Panginoong Hesukristo, sa ilalim ng mga anyo ng tinapay at alak.
5. **Pagpapahid ng Santo Oleo sa Maysakit** – ang sakramento na nagbibigay ng kalusugan at lakas sa kaluluwa at kung minsan ay sa katawan din, kapag tayo ay may mabigat na karamdaman.
6. **Banal na Order** – ang sakramentong nagbibigay ng kapangyarihan sa ilang mga lalaki upang sila ay maging mga sagradong ministro ng Simbahan – ang ating mga obispo, pari at diyakono.
7. **Kasal o Matrimonyo** – ang sakramentong nagtatatag ng isang banal na di-makakalag na pakikipag-isa o buklod ng isang binyagang lalaki at ng isang binyagang babae at nagkakaloob sa kanila ng biyaya upang mahalin ang isa't isa sa isang banal na paraan at mag-andukha at magpalaki sa kanilang mga anak sa isang maka-kristiyanong pamamaraan.

## Bunga ng Espiritu Santo

1. Pag-ibig
2. Kagalakan
3. Kapayapaan
4. Katiyagaan
5. Kabaitan
6. Kabutihan
7. Pagkabukas-palad
8. Kahinahunan
9. Katapatan
10. Kayumian
11. Pagpipigil sa Sarili
12. Kalinisang-puri

## Pitong Handog ng Espiritu Santo

1. Karunungan
2. Kaunawaan
3. Kahatulan
4. Katatagan
5. Kaalaman
6. Debosyon o Pagkahilig ukol sa Diyos
7. Banal na Pagkatakot sa Diyos

# MGA IBANG PANALANGIN

## PAGHAHANDOG SA UMAGA

O Diyos ko, sa kasamahan ni Hesukristong aming Panginoon, na naghahandog ng sarili niya sa Banal na Misa, at sa pamamagitan ng kalinis-linisang Puso ni Maria, inihahandog ko sa iyo ang aking mga panalangin, gawa, katuwaan, at tiisin sa araw na ito, sa pagbabayad-puri sa mga pagkakasala ng mundo, para sa aking mga tanging hangarin, at para sa mga hangarin ng Santo Papa.

## PRAYER TO THE HOLY SPIRIT

Come Holy Spirit, fill the hearts of Thy faithful, and enkindle in them the fire of Thy divine love. Send forth Thy Spirit and they shall be created, and Thou shalt renew the face of the earth.

**Let Us Pray:**

O God, Who by the light of the Holy Spirit didst instruct the heart of the faithful, grant us by the same Holy Spirit to relish what is right and just and always to rejoice in His consolation. Through Christ Our Lord. Amen.

## MGA DASAL SA GABI

*(Bago matulog ay pasalamatan natin ang Diyos sa mga biyayang ipinagkaloob sa atin sa buong maghapon.)*

## PAGHAHANDOG

Inihahandog ko sa Iyo, O Diyos ko, ang lahat ng aking mga isipin, wika, gawa at mga tiisin at isinasamong pagkalooban Mo ako ng Iyong grasya, upang huwag akong magkasala sa Iyo sa gabing ito, at nang ako ay makapaglingkod sa Iyo nang tapat at masunod Ka sa lahat ng bagay.

*Isang Ama Namin, Aba Ginoong Maria (p. 32), Luwalhati sa Ama (p. 33), Anghel ng Diyos (p. 29)*

## PAGPAPASALAMAT

O Diyos ko, pinasasalamatan Kita sa mga biyayang tinanggap ko, lalung-lalo na ang mga kaloob mo sa akin sa araw na ito. Patawarin mo ako sa mga nagawa kong pagkukulang sa araw na ito. Kung ako'y may nagawang kabutihan, nawa'y tanggapin mo. Ipag-adya mo ako sa lahat ng masasama sa gabing ito. Amen.

*(Tumigil at alalahanin ang mga pangyayari sa buong maghapon. Isipin ang mga ginawa, binitiwang pangungusap at naging laman ng isipan. Alalahanin kung ikaw ay nagkasala sa Diyos, kapwa, sarili, isip, pagnanasa, salita, kilos, gawa o hindi paggawa.;sundan ng Pagsisisi, p. 33)*

**Jesus, Maria at Jose,** inihahandog ko sa inyo ang puso ko at kaluluwa. Jesus, Maria at Jose, saklolohan ninyo ako sa huling oras ng paghihingalo ko. Jesus, Maria at Jose, loobin nawa ninyong mapayapa akong mahimlay sa piling mo. *(Mag-antanda ng krus.)*

## GLORY TO GOD IN THE HIGHEST

Glory to God in the highest. And on earth peace to people of good will. We praise you, We bless you, We adore you, We glorify you, We give you thanks for your great glory,

Lord God, Heavenly King, O God, Almighty Father.
Lord Jesus Christ, only Begotten Son,
Lord God, Lamb of God, Son of the Father, you take away the sins of the world, have mercy on us; you take away the sins of the world, receive our prayer; you are seated at the right hand of the Father, have mercy on us.

For You alone are the Holy One, you alone are the Lord, you alone are the Most High Jesus Christ, with the Holy Spirit, in the glory of God the Father. Amen..

## PAPURI'T LUWALHATI SA KABANAL-BANALANG TRINIDAD

**Lider (L):** O Panginoon, buksan Mo ang aking mga labi.
**Tanan (T):** At pupurihin Ka ng aking bibig.

**L:** Tulungan Mo ako, O Diyos.
**T:** O Panginoon, magmadali Ka sa pagsaklolo sa akin.

**L:** Luwalhati sa Ama at sa Anak at sa Espiritu Santo.
**T:** Kapara ng unang-una ngayon at kailanman at magpasawalang hanggan. **Amen.**

**L:** Papuri't Luwalhati sa Kabanal-banalang Trinidad
**T:** Purihin Ka, O Diyos Ama; Purihin Ka, O Diyos Anak At sa Espiritu Santong nagbibigay buhay; Ngayon at tuwina'y Siyang iniaalay; Pagpuri naming walang katapusan.

*Isang "Ama Namin", Isang "Luwalhati ..."*

**L:** Santo! Santo! Santo! Panginoong Diyos
na Makapangyarihan. Napupuno ang langit at lupa *Ulitin*
ng kaluwalhatian Mo. 9*x*
**T:** Luwalhati sa Ama, luwalhati sa Anak,
luwalhati sa Espiritu Santo.

*Ulitin 2 beses pa ang 9 Santo! Santo! Santo!*
*Tapusin sa Antifona.*

## ANTIFONA

Ikaw, Diyos Amang walang pinagmulan
Ikaw, Anak na bugtong
Ikaw, Espiritu Santong mapang-aliw
Santo at di mangyayaring magkahiwalay na Trinidad
Sa buong puso ay ipinagdiriwang
Pinupuri at pinipintuho Ka namin
Ihandog nawa sa Iyo ang puspos na
kaluwalhatian sa lahat ng panahon. Amen.

**Lider:** Ipagbunyi natin ang Ama, ang Anak at ang Espiritu Santo.

**Tanan:** Purihin natin Sila at ipagdangal magpasawalang hanggan.

**Panalangin:**

Panginoon naming Diyos, na Iisa at Tatlo sa pagka-Persona, ipagkalooban Mo Kami ng walang humpay ng Iyong mahal na grasya, ng Iyong pagsinta at ng pakikipag-unawaan sa Iyo, upang sa panahong ito at kailanman, ibigin at ipagdangal Ka namin na Diyos Ama, Diyos Anak, Diyos Espiritu Santo, na Iisa ang pagka-Diyos, magpasawalang hanggan. Amen.

## PRAYER FOR HUMILITY

*(by Rafael Cardinal Merry del Val, 1865-1930, Secretary of State for Pope Saint Pius X)*

O Jesus, meek and humble of heart, *Hear me*;
From the desire of being esteemed, *Deliver me, Jesus.*
From the desire of being loved…
From the desire of being extolled…
From the desire of being honored…
From the desire of being praised…
From the desire of being preferred to others…
From the desire of being consulted…
From the desire of being approved…

From the fear of being humiliated…
From the fear of being despised…
From the fear of being rebuked…
From the fear of being calumniated…
From the fear of being forgotten…
From the fear of being ridiculed…
From the fear of being wronged…
From the fear of being suspected…

That others may be more loved than I…
*Response: Jesus, grant me the grace to desire it.*
That others may be esteemed more than I...
That, in the opinion of the world, others may increase and I may decrease…
That others may be chosen and I set aside…
That others may be praised and I unnoticed…
That others may be preferred to me in everything…
That others may become holier than I, provided that I may become as holy as I should…

## DASAL PATUNGKOL SA MGA MAY SAKIT[13]

Panginoon, hanguin Mo na po ang mga maysakit sa karamdamang taglay, alang-alang sa Iyong pagkamatay sa Krus. (3 ulit) Amen.

## PANALANGIN NG MAY SAKIT[13]

Diyos ko, alam Mo ang lahat ng bagay, alam Mo na minamahal kita. Ako sana'y laging maging mulat sa kakulangan at kahinaan ng tao. Pagkalooban Mo po ako ng mapagbigay at tunay na damdaming matanggap ang aking nakalulungkot at mabigat na karamdaman.

Bigyan Mo po ako ng tapang na tanggapin ang tunay Mong layunin sa aking dinaramdam, kahit kung minsan ay di ko ito maintindihan. Kahit ako'y nasasaktan at nasa oras ng kalungkutan, huwag Mong tulutang mawala o magbago ang aking tiwala sa Iyo. Huwag Mong bayaang maging mapaghanap at mapagpuna ako sa kanilang ginagawa para sa akin.

Anumang hirap ng aking karamdaman, huwag sana akong mawalan ng pag-asa sa Iyo. Bigyan Mo ako ng lakas at tibay ng loob na palaging humihiling ng tulong sa Iyo, Diyos na tagapagbigay ng kapayapaan at kaligtasan. Hinihingi ko po na sa pamamagitan ng Inyong mapagmahal na kalinga na ipagpatuloy Mo ang paggawad, pagtingin at pangangalaga sa akin at sa lahat ng may sakit. Amen.

# PRAYER FOR HEALING[14]

Jesus, may Your pure and healthy blood circulate in my ailing organism,
and may Your pure and healthy body transform my weak body,
and may a healthy and vigorous life throb within me, if it is truly Your holly will.

–O Blood and Water, which gushed forth from the Heart of Jesus as a fount of Mercy for us, I trust in You.‖
–Holy God, Holy Immortal One, have mercy on us and the whole world‖. Amen

# PRAYER OF DELIVERANCE

*(Inspirasyon sa pamamagitan ni St. Alphonsus Liguori and Hippolitus)*

In the Name of Our Lord Jesus Christ, Who died on the Cross, Who descended into hell; on the third day rose again and ascended into Heaven and seated at the right hand of the Father…

In the Name of Jesus, BEGONE, you, evil spirits of pride, anger, envy, gluttony, sloth, lust and avarice! Get away from each one of us! Get back to hell! Do not disturb us, for we are bought by the Most Precious Blood of Our Lord Jesus Christ.

In the name of the Blessed Virgin Mary, who crushed the head of the serpent (Gen. 3:15), do not disturb anyone of us because we are shielded by the mantle blue, scapular, and Rosary of the Blessed Mother, get back to hell!

All hexes, spells, curses, charms, local and personal infestations – you have no more power over us because Mary has destroyed all these power.

May the Holy Spirit drive away all the evil spirits in us. May the seven gifts of the Holy Spirit empower us to resist the evil spirits.

May St. Michael protect us all the days of our life from the power of darkness. As we reject Satan and accept Jesus as our personal Saviour, may the Almighty God bless us.

In the Name (+) of the Father, and of the Son, and of the Holy Spirit. Amen.

## ROSARY OF THE WOUNDS OF OUR LORD JESUSCHRIST

***(Ipinahayag kay Sr. Mary Martha Chambom bilang isang batas ng bayad-pinsala para sa mga kasalanan ng Mundo)***

*On the cross of an ordinary rosary and on the next 3 beads, say while kissing the cross and passing on the next bead:*

I. O Jesus, Divine Redeemer, have mercy on us and on the entire world. Amen.

II. Holy God, Omnipotent God, Immortal God, have mercy upon us and upon the entire world. Amen.

III. Forgive! Mercy, my Jesus. During dangers cover us with your most precious blood. Amen.

IV. Eternal Father, have mercy for the sake of the Blood of Jesus Christ, your only Son; have mercy on us, we beg of you. Amen. Amen. Amen.

*On the big bead:*

**Leader (L):** Eternal Father, I offer You the Wounds of Our Lord Jesus Christ.

**All (A):** *To heal the wounds of our souls.*

*Going through the ten small beads:*

**L**: My Jesus pardon and Mercy.

**A**: Through the merits of Your wounds.

*At the end of the Rosary, say 3 times:*

**L:** Eternal Father, I offer You the Wounds of Our Lord Jesus Christ

**A:** to heal the wounds of our souls.

# Ang *Chaplet* ng Banal na Awa

*(Ipinahayag kay St. Faustina upang manalangin ng walang katapusang awa ng Diyos bilang huling pag-asa ng kaligtasan)*

1 Ama Namin, 1 Aba Ginoong Maria,
1 Sumasampalataya Ako

*Gamit ang rosaryo, dasalin sa bawat hiwalay na butil:*

**Namumuno**:Ama na Walang Hanggan, iniaalay ko po sa Iyo ang Katawan at Dugo, Kaluluwa at Pagka-Diyos ng Kamahal-mahalan Mong Anak na si Jesu-Kristo, na aming Panginoon at Manunubos

**Lahat**: Para sa ikapagpapatawad ng aming mga sala at sa sala ng buong sansinukob.

*Gamit ang rosaryo, dasalin sa sampung maliit na butil:*

**Namumuno**: Alang-alang sa mga tiniis na hirap at Kamatayan ni Hesus

**Lahat**: Kaawaan Mo po kami at ang buong sansinukob.

*Bilang pangwakas:*

**Lahat:** Banal na Diyos, Banal na Puspos ng Kapangyarihan, Banal na Walang Hanggan, maawa po Kayo sa amin at sa buong sansinukob. (3x) Amen.

# PANALANGIN SA BANAL NA AWA

(3 O'CLOCK PRAYER)

–Pumanaw Ka Hesus, subalit ang Bukal ng Buhay ay bumalong para sa mga kaluluwa at ang Karagatan ng awa ay bumugso para sa sanlibutan. O Bukal ng Buhay, walang Hanggang Awa ng Diyos, yakapin Mo ang sangkatauhan at ibuhos Mong ganap ang Iyong sarili para sa aming lahat.

O Banal na dugo at Tubig, na dumaloy mula sa Puso ni Hesus bilang Bukal ng Awa para sa aming lahat, ako ay nananalig sa Iyo. (3x)

# Holy Trinity Divine Healing Ministry
# Healing Centers

*Visayas*

1. **Main Healing Center:Sacred Heart of Jesus Image**
Tumandok Hill, Pueblo de Panay Township, Dinginan, Roxas City
**Healing Days:** Friday, 8 AM-12 NN
**Regular Mass:** Monday, Tuesday,Wednesday,
Thursday - 5:30 PM
Friday, 1:30 PM
3rd Saturday, 2:30 PM
Saturday & Sunday, 11:00 AM .
and 5:30 PM.
**Holy Hour (Sunday):** 9:30 AM. - 10:30 AM
**Daily Confession.** One Hour Before the Holy Mass.
**Spiritual Director:** **Rev. Fr. Berman Ibañez**
**Rev. Fr. Ivan Delfin**
**Spiritual Moderator: Rev. Fr. Pericles F. Fajardo**
**Phone-Fax:** +63.36.5223051/09999910662

2. **Healing Center: Guanco St. Arevalo, Iloilo City**
**Healing Days:** Sunday, 1-5 PM
**Phone:** 09989840836
c/o Peachy Villanueva
**Spiritual Director:** **Rev. Fr. Joenick Territorio**

3. **Healing Center: Eastern Capiz–Northern**
Iloilo Pilar, Capiz
**Healing Days:** Wednesday, 9 AM-3 PM
**Phone:** 09192047701,
c/o Mildred Condino

**Email: holytrinity@pueblodepanay.com**